


## Si Abang Abaka, Ang Saging Na Kakaiba

**N**oong unang panahon, ang mga puno, ibon, insekto at isda sa dagat ay nagsasalita. Ganun din ang lahat ng nilalang na may buhay.

Isang araw, may tumubong suwi sa gilid ng isang puno ng saging. Tinawag itong Abang Abaka. Magaspang at nababalot siya ng maitim at makapal na mga dahon. Naiiba siya sa iba pang suwi na napansin ni Inang Punong Saging. Pero hindi niya ito pinansin dahil pare-pareho lang ang tingin niya sa kaniyang mga suhi.

Pero iba ang tingin ng mga suwi. Hindi nila matanggap ang anyo at kulay itim na kapatid. "Lumayas ka!" sigaw ng isa. "Hindi ka katulad namin;



pangit ka at lampa!” sigaw naman ng isa.

Kung kaya’t lumayo si Abang Abaka sa kanila at namuhay ng mag-isa pero naging lalong matibay.

Naawa si Inang Punong Saging sa kaniyang anak. At Pilit na iniaabot ang kaniyang mga dahon para makaiwas sa init ng araw. Pero ang ibang suwi ay agad na nalinggit. Kaya ibinaling ni Inang Punong Saging ang kaniyang buong pansin sa mga ito.

Isang araw ay dumating ang isang malakas na bagyo. Bumaha sa halamanan at unti-unting inabot ang pamilya ni Abang Abaka. Nagkagutay-gutay ang mga dahon ni Inang Punong Saging at nagkabali-bali ang kaniyang mga dahon. Inaanod ang mga anak niya ng rumaragasang tubig sa ilog. Wala siyang nagawa at napaluhod na lamang habang pinanonood ang naaanod na mga anak na suwi. Pero mabilis na kumilos si Abang Abaka. Agad niyang hinubad ang maitim na balat, pinagdugtong-dugtong niya ito at inihagis niya ng malakas.



“Mga kapatid saluhin niyo ang aking balat at kumapit kayo ng mahigpit. Ililigtas ko kayo!” Hinatak ng hinatak ni Abang Abaka ang kaniyang mga kapatid hanggang sa nabali ang kaniyang murang katawan. Pero naiahon pa rin niya ang mga ito at naitaboy sa tabi. Pagkatapos napaluhod at biglang nawalan ng malay si Abang Abaka.

“Habaka! Habaka!” sigaw ng magkakapatid na naghahabol pa rin ng hininga. Binuhat nila si Abang Abaka.

“Patawarin mo kami kuya. Sa maitim mo pa lang balat ay nakatago ang mabuti mong kalooban. Salamat sa pagliligtas sa amin!” ngumiti siya sa narinig, tanda ng pagtanggap.

Mula noon ay magkakatabi at sama-sama na silang tumubo nang malalakas at matitibay.

